



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG DAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-13 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 03 MAYO 2008, IKA-9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PUTULANGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Jocelyn G. Solabo	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Eronila	
Konsehal Bernabe S. Mortel	
Konsehal Napoleon M. Dimapilis	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konsehal Edren Y. Faderon	- On Leave
---------------------------	------------

KAPASYAHAN BLG. 023
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING PUNONG BARANGAY NG BARANGAY HAPPY VALLEY, ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG. CIRILO M. RAMOS, SR

SAPAGKAT, ang pagpanaw sa daigdig ng isang dating lingkod bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan, kabarangay at kaibigan;

SAPAGKAT, si G. Cirilo Montemola Ramos, Sr. ay nagsilbi bilang Teniente del Barrio mula 1962 hanggang 1968 at naging Punong Barangay mula 1983 hanggang 1991 at sa panahong ito ay ipinakita niya ang pagpapahalaga sa mga gawaing nagtataguyod ng kapakanan ng mga mamamayan ng Barangay Happy Valley;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagmulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay,

Cirilo M. Ramos, Sr.

SAPAGKAT, ang isang ama ng tahanan na nagsikap upang maitaguyod ang kapakanan ng kanyang asawa at mga anak ay isang malaking kawalan at nagdulot ng kalungkutan sa kanyang minamahal na pamilya;

SAPAGKAT, sa kanyang mga kasabay sa gawain sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglilingkuran si Kapitan Iloy ay naging mabuting kasama, kuibigan at lingkod-bayan at ang kanyang paglisan ay ipinagdadalamhati ng mga naiwan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang lingkod-bayan, Kgg. Cirilo M. Ramos, Sr.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Larry V. Salazar na sinang ayunan ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging Punong Barangay ng Barangay Happy Valley ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybahay, Gng. Apolonia Ramos, mga anak at kamag-anak ng namayapang Kgg. Cirilo M. Ramos, Sr. lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay : 05 Mayo 2008


PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JACKSON CINCO DY
Punong Bayan